



Imagine Math Facts

Helping your student succeed at school and at home

Mahal naming Magulang o Guardian,

Mabuhay kayo! Ang inyong estudyante ay naka-enroll sa Imagine Math Facts para sa bagong school year! Ang Imagine Math Facts ay isang interactive na math program para tulungan ang estudyante ninyong maging mahusay at mabilis sa addition, subtraction, multiplication, division. Para malaman pa ang tungkol sa Imagine Math Facts, tingnan ang www.imaginelearning.com/math/math-facts.

Ano'ng Mararanasan ng Inyong Estudyante sa Imagine Math Facts

Ang Imagine Math Facts ay gumagamit ng interactive na mundo ng 3-D gaming na may mga kathang-isip na character, built-in challenge at reward para magturo at magsanay sa one- at two-digit addition, subtraction, multiplication, at division. Habang nahahasa ang inyong estudyante sa math, made-develop nila ang kanilang mga kakayahan sa problem-solving, mataas na antas ng pag-iisip at maghanda para sa mas kumplikadong math tulad ng Algebra.

Bago magsimula sa Imagine Math Facts ang estudyante ninyo, kukuha siya ng placement test para matukoy kung nasa anong antas ang kakayahan niya at malalaman din kung sa anong sistema ng pagtuturo siya ilalagay para sa mga indibiduwal na math challenge. Habang ginagamit ng estudyante ninyo ang Imagine Math Facts, nag-a-adapt ito sa kaniyang performance level at sa pamamagitan nito, natututunan niya at nagagamit ang mga kakayahan na kailangan niya. Mayroon ding audio language support ang Imagine Math Facts sa Spanish para matulungan ang mga estudyanteng nagsasalita ng Spanish.

Paggamit ng Imagine Math Facts sa Bahay

Maaaring ma-access ng estudyante ninyo ang Imagine Math Facts sa isang web browser gamit ang kahit anong computer o tablet (hindi puwede sa mga smartphone) sa pamamagitan ng pag-log in sa URL at impormasyon sa ibaba. O maaari rin ninyong i-download ang Imagine Math Facts Student app sa mga Chromebook mula sa [Chrome Web Store](#), sa mga iPad mula sa [App Store](#), at sa mga Android device mula sa [Google Play](#) at [Amazon](#).

Tingnan ang help.imaginelearning.com para masiguro na mayroon ng mga minimum na technical requirement ang inyong computer o tablet. Para mapanatili ang bukod-tangi at personal na sistema ng pagkatuto ng inyong estudyante, at para mai-report ang tamang pag-unlad pagsulong, tanging mga estudyante lang na naka-enroll sa Imagine Math Facts ang maaaring gumamit nito sa bahay.

Pagsuporta sa Pagsulong ng Inyong Estudyante

Matutulungan ninyo ang estudyante ninyo na magtagumpay sa pamamagitan ng pagiging kasama nila sa paggamit nila ng Imagine Math Facts. Sundan ang mga rekomendasyong ito para magamit nang husto ang Imagine Math Facts sa school year na ito:

- **Hikayatin ang estudyante ninyo na gamitin ang Imagine Math Facts sa bahay.** Pasiglahin ang estudyante ninyo na gawin ang makakaya niya sa bawat math challenge na makakaharap niya sa Imagine Math Facts.
- **Makipag-usap sa guro tungkol sa pagsulong ng inyong estudyante.** Pag-usapan ang pangkalahatang pagsulong ng inyong estudyante, gaano katagal bago siya maging mahusay at pag-unlad niya ayon sa standard ng state at bansa.



IMAGINE MATH FACTS
LOGIN

Student: _____

Go to math.imaginelearning.com and log in.

Username: _____

Password: _____

Site Code: _____

